Ipinapatupad namin ang pag aaral gamit ang tig-isang device bawat mag-aaral.

Sa pagpasok sa mga pampublikong mataas na paaralan at mga espesyal na suporta na paaralan sa prepektura, hinihiling namin ang pagbili ng learning device.

**Q1. Totoo bang kailangang bumili ng learning Device ang lahat ng estudyanteng papasok sa pampublikong mataas na paaralan sa prepektura?**

A1. Dahil sa iba-iba ang mga learning device na tinatakda ng bawat paaralan, magkaiba rin ang device na bilhin. Ang halagang kailangang bayaran ay kasama na ang mismong learning device, ang management tool para sa device 3 taong garantiya, at paunang setup.
Ang mga detalye tungkol sa presyo para sa mga estudyanteng papasok sa taong Reiwa 8 (2026) ay ilalathala sa website ng Prepektural ng Lupon ng Edukasyon bandang Nobyembre (tingnan ang QR code sa ibaba).

【Halimbawa】Noong taong Reiwa 7 (2025), sa 56 na pambulikong mataas na paaralan ng prepektura, 51 paaralan ng gumagamit chromebook (halagang binayaaran ay ¥48,565 kabilang ang buwis) 4 na paaralan ang gumamit ng iPad at 1 paaralan ang gumamit ng Windows device. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring tingnan ang website ng Prepektural na Lupon ng Edukasyon.

**Q2. Mas minam bang bumili muna ng learning device bago pa man pumasok sa paaralan?**

A2. Hindi inirerekominda na bumili bago pa man pumasok sa paaralan. Sa halip, mangyaring hintayin ang abiso mula sa inyong papasukang paaralan dahil may iba't ibang device na ginagamit depende sa paaralan. May ilang paaralan na may partikular na specifications para sa device, kaya mas mainam bumili pagkatapos ng konsultasyon.

【Halimbawa】Para sa mga estyudanteng papasok noong taong Reiwa 7 (2025), ang mga Chromebook ay binili sa pamamagitan ng EC site (website para sa online na transaksyon) na inihanda ng Prepektural na Lupon ng Edukasyon. Para naman sa iPad at Windows device, iba-iba ang paaralan ng pagbili depende sa bawat paaralan.

**Q3. Paano kung di namin kayang bumili ng learning device dahil sa sitwasyong pinasyal?**

A3. Para sa mga pamilyang may kahirapan sa pagbili ng device dahil sa kalagayan sa buhay, may suporta mula sa paaralan at prepektura mangyaring kumonsulta sa paaralan ng inyong napiling papasukan para sa detalye.

**Q4. Maari bang gamitin ang learning device sa bahay?**

A4. Oo maari. Gayunpaman, dahil sa management tool na naka-install sa bawat learning device, may mag limitasyon sap ag-access sa mga hindi angkop na website at sa pag-download ng iba't ibang files. Paalala rin po na ang pag charge ng device ay kailanganng gawin sa kani-kanilang mga tahanan, at ang gastos sa internet o kumunikasyon ay sagutin po ng bawat pamilya.

**Q5. May suporta ba para sa pagbili ng device para sa mga estudyante ng espesyal ng suporta?**

A5. Oo. Para sa mga estudyanteng nasa espesyal na suporta, may hiwalay na patakaran at suporta. Mangyaring kumonsulta sa inyong paaralan o sa Board of Education.

**Tandaan:**

Para sa mga detalye tungkol sa kagamitan at paggamit nito, mangyaring sumangguni sa paaralan o bisitahin ang website ng Board of Education gamit ang QR code sa kanan.